Manatiling Ligtas Matapos ang isang PAGBAHA

Iwasang lumusong sa tubig baha. Ito ay makakasama sa iyong kalusugan. Ang tubig baha ay maaaring magtaglay ng:

- **Dumi galing sa banyo**
- **Masasamang mikrobyo**
- **Mga mapanganib na kemikal, gaya ng gas, pintura, thinner, o mga pestisidyo**
- **Mabibigat o matutulis na bagay**
- **Bumagsak na mga linya ng kuryente na maaaring makakuryente sa tubig**
- **Buhay o patay na mga hayop**

Magsuot ng rubber gloves at rubber boots kung kailangan mong hawakan ang tubig baha. Protektahan ang mga bukas na hiwa o sugat gamit ang mga hindi nababasang benda na sarado sa lahat ng apat na gilid.

Palaging hugasan ang iyong mga kamay gamit ang sabon at malinis na tubig matapos lumusong sa tubig baha o mga bagay na nabasa sa tubig baha. Gumamit ng sanitizer sa kamay kung walang malinis na tubig.

Makipag-usap sa isang tagapagbigay ng pangangalagang pangkalusugan kung napunta o pumasok sa iyong katawan ang tubig baha sa bunganga o sa pamamagitan ng balat. Maaari itong magdulot sa iyo ng pagtatae, pantal, at/o malubhang impeksiyon.

BUMALIK LAMANG SA BAHAY KUNG SINASABI NG MGA AWTORIDAD NA ITO AY LIGTAS Kung pinasok ng tubig baha ang inyong bahay:

Huwag pumasok sa inyong bahay hangga't nakatitiyak kang ligtas ang istruktura nito para pasukin at alam mo na nakapatay ang kuryente. Huwag pumasok sa may nakaimbak na tubig para i-access ang pangunahing switch ng kuryente. Tawagan ang inyong lokal na utility para sa gabay o tulong.

Gumamit ng mga flashlight, hindi ng mga lighter o iba pang nakasinding apoy, upang suriin ang kalagayan ng mga gusali. Maaaring may gas.

Mag-ingat sa panganib ng pagkakakuryente. Huwag hawakan ang mga kagamitang elektrikal kung ito ay basa o kung ikaw ay nakatayo sa tubig.

Bago mo simulan ang anumang aktibidad sa paglilinis sa inyong tahanan, kunan ng mga larawan/video at ilista ang lahat ng pinsala sa inyong tahanan at sa inyong mga ari-arian para sa insurance at upang irehistro ang inyong pinsala ng baha. Makipag-ugnayan sa iyong lokal na Kagawaran ng Pangkapaligirang Kalusugan para sa gabay sa pag-alis ng nasirang ari-arian.

Maaaring itaboy ng mga tubig baha ang mga mababangis na hayop, livestock, mga nawawalang alagang hayop papunta sa inyong bahay o sa mga kapitbahay.

- Huwag subukang bitagin ang isang hayop nang ikaw lang. Tawagan ang Animal Control.
- Kung ikaw ay nakagat ng isang hayop, humingi kaagad ng tulong medikal.
- Kung nakagat ka ng isang ahas, tawagan ang 9-1-1. Subukang kunan ng litrato ang ahas upang makatulong na tukuyin ito at makakuha ng tamang gamutan sa iyong kagat ng ahas. Ang mga taong nakagat ng ahas ay maaaring mahilo o mawalan ng malay, kaya huwag subukang ipagmaneho ang iyong sarili patungo sa ospital.

HANDA CALIFORNIA

Cal OES
GOVERNOR'S OFFICE OF EMERGENCY SERVICES

ListosCalifornia.org

Mga Serbisyo sa Emergency ng Tanggapan ng Gobernador
CalOES.ca.gov

Kagawaran ng Pampublikong Kalusugan ng California
tinyurl.com/floodrecover

Ready.gov
ready.gov/recovering-disaster

PANATILIHING LIGTAS ANG MGA BATA:

- Huwag hayaang maglaro ang mga bata sa tubig bahamaglaro ng mga laruan oanumang bagay na nabasa hanggang sa ma-disimpikta ang mga ito.
- Hindi dapat sumali ang mga bata sa gawaing paglilinis ng baha.
- Siguraduhing hugasan ang mga kamay ng mga bata gamit ang sabon at tubig nang madalas at palagi bago kumain.

PANATILIHING LIGTAS ANG MGA ALAGANG HAYOP:

- Huwag hayaang maglaro o uminom ang inyong alagang hayop mula sa nakaimbak na tubig baha o sa mapuputik.
- Suriin upang matiyak na ang mga bag/lalagyan ng pagkain ng alagang hayop ay tuyo. Itapon ang anumang pagkain ng alagang hayop na maaaring nabasa.
- Hugasan ang lahat ng hinihigaan at laruan na maaaring nabasa.
- Bago hayaang gumala ang inyong alagang hayop sa bahay, tiyaking walang sirang bakod, bintana, o gate na magbibigay daan sa kanilang tumakas at mawala.

PROTEKTAHAN ANG IYONG KALUSUGAN

Kaligtasan sa Tubig:

- Maaaring maging hindi ligtas gamitin o inumin ang inyong tubig dahil sa mga pagbaha. Sasabihin sa inyo ng mga awtoridad sa tubig kung hindi kayo dapat gumamit ng tubig mula sa gripo o kung paano ito gagawing ligtas sa pamamagitan ng pagpapakulo o pagdidisimpekta. Karaniwan, ang pagpapakulo nang hindi bababa sa isang minuto ay pumapatay ng mga mikrobyo.
- Kung naghihinala o sinabihan ka na hindi ligtas gamitin ang tubig, huwag gamitin ito upang hugasan ang mga pinagkainan, magsipilyo, maghanda ng pagkain, maghugas ng inyong mga kamay, gumawa ng yelo, o magtimpla ng gatas ng sangggol. Gumamit ng naka-bote, pinakuluan, o tubig na dumaan sa proseso ng paglilinis para sa ligtas na pag-inom, pagluluto, o paghuhugas.

MAHALAGA:
Ang tubig na may gasolina, mga nakalalasong kemikal, o mga radioactive material dito ay hindi maaaring gawing ligtas sa pamamagitan ng pagpapakulo o pagdidisimpekta.

- Kung kayo ay may balon na binaha, hilingin sa inyong lokal na kagawarang pangkalusugan, pangkapaligirang kalusugan, o departamento ng tubig na tumulong sa inyo na suriin o idisimpekta ito.

Kaligtasan sa Pagkain:

- Maaaring maging hindi ligtas kainin ang inyong pagkain dahil sa pagbaha. Maliban sa mga hindi nasirang lata at lalagyang metal, itapon ang anumang sariwang pagkain o inumin na nadampian ng tubig baha.
- Maaari mong linisin, pagkatapos ay idisimpekta ang de lata at mga lalagyang metal na hindi nasira sa 1 tasa ng bleach na walang amoy at 5 galong tubig. Ang bleach ay hindi dapat ihalo sa ammonia o iba pang anumang panlinis.
- Kung nawalan kayo ng kuryente nang 6-8 oras o higit pa, itapon ang lahat ng pagkaing frozen at refrigerated.
- Kapag nagdududa, itapon ito!

Kaligtasan sa Kuryente:

- Huwag paandarin ang anumang pampainit, pampalamig, o iba pang kasangkapang de-kuryente na binaha. Maaaring magdulot ang mga ito ng pagkakakuryente o sunog kapag sinindihan.
- Ang mga camping stove at pampailaw na ginagamitan ng propane, gas generators o mga pampainit na ginawa para gamitin sa labas ng bahay ay HINDI dapat gamitin sa loob ng bahay. Ang mga ito ay naglalabas ng gas na carbon monoxide na maaaring pumatay sa inyong pamilya o mga alagang hayop. Gumamit LAMANG ng generator o iba pang kagamitan na pinapagana ng gas sa labas ng bahay at malayo sa bintana.